



Mga Katanungang Madalas Itanong

Overview

Sa pagdami at pagbabago ng populasyon,, ang Lungsod ay kinakailanganang tuluyan ipagpatuloy ang muling pagbisita at pagpapalawak ng mga napagkasunduan na pampublikong pagsisikap upang mapanatili na ang dumadaming grupong demograpiya ay may kinakatawanan sa pag desisyon ng Lungsod. –paggawa ng mga proseso at pag alis ng mga balakid na nagpapatigil sa mga tao upang mag partisipasyon.

Noon Hulyo 2016, si Mayor Murray ay pumirma ng Executive Order 2016-06 upang patibayan ang kanyang pangako na isulong ang epektibong implementasyon ng makatarungan at inklusibong estratehiya ng pakikipagsundo sa mga pangmalawakang Departamento ng Lungsod. Noong Nobyembre, bilang bahagi ng proseso ng budget ng 2017-2018, ang City Council ay nagpasa ng batas o lehislasyon para sa pormal na prinsipyo o pamamaraan ng pakikipagsunduan, binalangkas ang bagong framework sa pakipag ugnayan sa komunidad at ginawa ang Community Involvement Commission.(Komisyon sa Pakikipagugnay sa Komunidad). Itong bagong Komisyon ang magpapayo at magpatnubay sa mga Departamento ng Lungsod sa kanilang pagsisikap sa paglilinang, pag implementa at pagpapabuti ng tunay at lubosang pakikipagugnayan na magbibigay benepisyo sa lahat ng residente ng Seattle.

Purpose, Goals, and Structure

Ano ang layunin ang Community Involvement Commission?

Ang Community Involvement Commission ay magpapayo sa Seattle Department of Neighborhood at sa mga iba pang Departamento ng Lungsod sa maayos na mga aktibidades ng pakikipanayam sa buong Lungsod.

Ano ang kanyang adhikain?

1. Magbigay ng payo sa mga priyoridad, polisiya at stratehiya na kaugnay ng pantay na pangmamamayanang pakikipagugnay at pag partisipasyon ng publiko sa proseso ng paggawa ng mag desisyon pang Lungsod, mga panukalang inihain ng Lungsod at mga iba pang bagay na nakilala ng Komisyon
2. Magbigay ng feedback ng pag debelop ng plano ng mga Departamento ng Lungsod tungkol sa partisipasyon ng komunidad na naka pokus sa pag implementa ng mas pantay na stratehiya ng pakikipagugnayan at kilalanin ng mga bagong pamamaraan upang dumami ng pangmamayanang partisipasyon sa mga proseso ng Lungsod.

3. Mag debelop at patuloy na amendahan ng mga by-laws, plano sa pagtrabaho upang ang Komisyon ay mapahintulutang magayos sa sarili, gawin ang trabaho at magsulong ng mga programa at panukalang polisiya na sang ayon sa kanyang misyon.

Paano ang Pagyayari o Struktura?

Ang Komisyon ay magkakaroon ng 16 na miyembros. Mga indibidwal sa posisyon mula 1 hanggang 7 ay i-appoint ng City Council, at bawat miyembro ay mag representa ng City Council District na tumutugon sa numero ng kanilang posisyon. Mga indibidwal sa posisyon mula 8 hanggang 14 ay i-appoint ng Mayor na ang posisyon 14 ay gagampanan ng isang kabataan sa pamamagitan ng Get Engaged Program. Ang mga 14 na miyembro ay sasailalim sapag kompirma ng majority vote ng City Council. Mga miyembro sa posisyon na 15 at 16 ay pipiliin ng Komisyon at sasailalim sapag aproba ng Mayor at kompirmasyon ng majority vote ng Konseho.

Sa unang round ng pag appoint, mga odd number na posisyon ay magsilbi ng isang taong termino at ang mga even numbered na posisyon ay dalawang taong termino. Sa pagtatapos ng pang-unang termino, mga susunod na termino sa bawat posisyon ay magsilbi ng dalawang taon, maliban sa posisyon mula Get Engaged na patuloy pa rin sa isang taong termino. Walang miyembro ng Komisyon ay manilbihan ng higit ng dalawang buong magkasunod na termino. Sa pamagitan ng majority vote, ang Komisyon ay taon taon na maghalal ng isa o higit pang miyembro bilang Chair.

Mga miyembro ng Komisyon ay magsilbing boluntaryo at hinihiling na mag alay ng 3-6 na oras kada buwan sa kanilang katungkulan.

Questions?

Sa mga iba pang katanungan tungkol sa Community Involvement Commission, kontakin ng sara.belz@seattle.gov o tawagan si Sara Belz sa (206) 684-8696.